

Adia Millett

Southeast Community Center sa 1550 Evans

Salaysay ng Panukala sa Iskultura sa Plasa (Plaza Sculpture Proposal Narrative)

TAYO ANG MGA NINUNO SA HINAHARAP

Ang TAYO ANG MGA NINUNO SA HINAHARAP ay naglalayong pag-ugnayin ang ating nakaraan at ang ating kasalukuyan sa hinaharap ng Komunidad ng Bayview.

Bakit isang piramede? Ang mga piramede ay naitayo na sa maraming lugar sa buong mundo kabilang ang Americas, China, Russia, Egypt at Sudan. Ayon sa sinaunang mga alamat, itong panghabang-panahong mga istruktura ay hindi lamang itinayo upang parangalan ang mga namatay na, kundi para protektahan ang lupain, itaas ang kamalayan ng tao, at pangalagaan ang mahahalagang bagay para sa hinaharap. Itong piramedeng salamin na may taas na 25 piye ang magiging palatandaan ng lakas, ganda at pag-asa para sa komunidad ng Bayview ngayon at sa hinaharap. Magkakaloob din ito ng anumang oportunidad para sa kasalukuyang mga miyembro ng komunidad upang makapangusap sa hinaharap.

Ang tatlong piye na ilalim ng piramede ay bubuuin ng isang earth-toned mosaic. Ang mga hugis ay magmumungkahi ng mga kabibi, mga bato, mga patpat, at mga dahon upang ipaabot ang kaugnayan ng ating saligan sa pisikal na mundo. Sa itaas nito, isang imahe ng umaagos na tubig na nagpapagunita sa kasaysayan ng mga daungang-dagat at mga pagawaan ng barko na nagdala sa mga tao na may iba't ibang pinagmulan patungong Bayview. Lumilikha rin ito ng isang bisuwal na ugnayan sa sining ni Kenyatta A.C. Hinkle na nasa loob ng sentro ng komunidad.

Mayroong hanay ng mga bahay na dinisenyo upang maging simbolo ng tahanan, komunidad, at ang tradisyonal na ganda ng pabahay sa San Francisco. Ang iba't ibang kulay na mga bahay ay kabit-kabit sa isa't isa upang bigyang-kahulugan ang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga dati at bagong miyembro ng komunidad.

Ang sama-samang mga imaheng ito ay bumubuo ng isang likas na tanawin na binalutan ng isang glass quilt na may mga hugis ng poligono na nagpapamalas ng proteksiyon, init, at ang pakiramdam na nasa tahanan.

Nasa loob ng piramede ang isang pasadyang dinisenyo na hindi kinakalawang na asero na selyadong sisidlan / time capsule na maglalaman ng mga liham mula sa kasalukuyang mga miyembro ng komunidad para sa magiging mga miyembro ng komunidad sa hinaharap. Ang mga kabataang miyembro ng komunidad ay aanyayahan na maging mga embahador ng time capsule, na bubuksan sa hinaharap (20+ taon). Ang iba pang bagay na tinukoy sa mga pakikipag-usap sa mga miyembro ng komunidad ay idaragdag sa time capsule (mga dokumento ng kasaysayan, memorabilia ng komunidad, atbp.). Ang time capsule ay itatago sa dakong loob ng sementadong sahig o/at lalagyan ng matibay na mekanismo ng pagsasara na hindi maaaring pakialaman.

Paglahok ng Komunidad:

Ang paglahok ng komunidad gaya ng pampublikong kaganapan at mga workshop ay gaganapin kasama ng mga pangkat ng kabataan, mga assisted living center, Opera House, atbp., upang makatipon ng materyales para sa time capsule. Magdaraos ng mga Workshop sa Pagsulat at Sining upang tugunan ang pangarap at mga hangarin ng mga miyembro ng komunidad para sa hinaharap. Ang resulta ay magsisilbing saligan para sa sama-samang pagtitipon ng mga tao na nagmumula sa lahat ng edad, lahi, relihiyon, at katayuan sa kabuhayan upang magbahagi ng mga kuwento at pananaw sa kanilang tahanan at kinabukasan nito.

Bilang dagdag, magkakaroon ng isang kaganapan/pagdiriwang para sa pagsasara ng piramede, kapag nailagay na sa loob ang time capsule at para sa pagbubukas ng time capsule sa hinaharap.

Materyales, Paggawa, at Disenyo:

Ang napanukalang iskultura ay humigit-kumulang 25'-0" sa taas at humigit-kumulang 12'-0" na parisukat sa ilalim. Binubuo ito ng mga stained glass panel na nagtataglay ng aserong balangkas ng istrukturang pinamahalaan ng inhinyero. Ikakabit ang mga panel sa istruktura sa isang rated fitting. Ang salamin ay humigit-kumulang ¾" sa kapal na may naka-laminate na salamin upang dagdagan ng tibay at mahadlangan ang pagkabasag at pagkadurog (makukuha ang mga datos sa pagsusuri mula sa tagatustos ng salamin).

Ang istruktura ay nagtataglay ng isang disenyo ng inhinyero at aprobadong binuhos na kongkretong pundasyon at magsisilbing angkla upang pigilan ang kinakailangang sismiko, hangin, at mga occupancy load. Ang ilalim ng piramede sa taas na humigit-kumulang 3'-0" na mataas sa grado ay patitibayin ng binuhos na kongkreto habang ang gawang tile mosaic ang ginamit sa panlabas na ibabaw sa mga panel. Para protektahan pa ang obra ng sining, ang istruktura ay ilalagay sa isang binuhusang tipak na kongkreto na itinaas ng humigit-kumulang 0'-4" na mataas sa nakapaligid na grado na nagtatapos sa isang konkretong kurbada sa paligid ng ilalim ng piramede. Lahat ng gawang metal at hardware ay 316 marine grade na hindi kinakalawang na asero na may aprobadong anti-corrosion finish. Ang gawang tile/mosaic ay lalagyan ng isang aprobadong pananggalang at anti-graffiti na sealant.

Sa loob ng piramede ay magkakaroon ng may taas na 20" x 16.2" x 16" ng hindi kinakalawang na selyadong time capsule. Ang sisidlan na ito ay itatago sa dakong loob ng sementadong sahig at gagawing matibay ng mekanismo ng pagsasara na hindi maaaring pakialaman.

Ang mga pirmihang pailaw (light fixture) na matibay na ikinabit sa loob ng istruktura ay magkakaloob ng mga epekto ng panggaging pailaw na ibinigay ng mga taga-disenyo ng pailaw. Lahat ng LED na mga pirmihang pailaw ay susunod sa inaatas na mga regulasyon kabilang ang Titulo 24, ay magiging outdoor-rated, at ikokonekta sa isang awtomatikong timer.

Pagmantene:

Ang madaling pagpunta sa looban para sa mga layunin ng pagmantene ay sa pamamagitan ng isang nakatagong butas (hatch) na may mekanismo ng pagsasara na hindi maaaring pakialaman. Ang pasukan ng butas ay susukatin para hayaan ang mga kawaning makapasok nang ligtas sa istruktura na dala ang kasangkapan para sa pagmantene.

Inaasahang magiging kakaunti ang kinakailangang pagmantene. Lahat ng mga natapos na ibabaw ay pipiliin upang maging kakaunti ang gagawing pangangalaga at magawa ang mga pagkumpuni. Ang salamin, asero, at mga pangkabit (fitting) ay maaaring hugasan ng tubig at panlinis na walang amonya. Ang mga gasgas at graffiti ay maaaring alisin gamit ang mga karaniwang pamamaraan. Ginagawa ang konstruksyon at instalasyon ng salamin sa mga bahagi para kapag nasira ang isang panel ay maaari itong muling magawa at mapalitan sa kaunting pagsisikap.

Ang istruktura at mga pangkabit ay aayusin upang magkaloob ng sapat na drenahe (drainage) at upang mahadlangan ang pagkatambak ng tubig-ulan o kondensasyon. Kabilang dito ang mga probisyon para sadyang papasukin ang hangin sa panloob na espasyo upang mabawasan ang inaasahang pagtaas ng init at potensiyal para sa kondensasyon. Lahat ng pahalang na mga ibabaw (kabilang ang pundasyon at lugar ng paggawa) ay ipapahilig upang magbigay ng drenahe sa isang aprubadong kolektor ng tubig mula sa bagyo.

Paghahati ng Paggawa:

Gagampanang Papel ng Artist: Ang artist ang gagawa ng disenyo ng iskultura, mga drowing, modelo at pangangasiwa ng lahat ng aspeto ng proyekto. Bilang karagdagan, si Millett ang mag-uugnay sa paglahok ng komunidad/outreach sa komunidad sa pagbubuo ng mga bagay na isasama sa time capsule.

Mga Subcontractor:

Judson Studios

Gagampanang Papel: Paggawa ng salamin at mosaic
Structural engineer
Kilnform+ Fusing Studio
143 Pasadena Avenue
South Pasadena, CA 91030
323-244-4525

Digital Ambiance

Mga Taga-disenyo ng Pailaw
Electrical engineer
905 Parker St.
Berkeley, CA 94710
(857) 205-6052

Atthowe Fine Art Services

Gagampanang Papel: Instalasyon
2121 Peralta St.
San Francisco, CA
(510)-272-2700
atthowe@atthowe.com

Timeline ng Paggawa:

Pebrero 2020	Ginawang pinal ang Kasunduan sa Artist
Marso - Hunyo 2020	Bahagi ng pagbubuo ng disenyo. Magsagawa ng mga workshop para sa paglahok ng komunidad upang matukoy at gawing pinal ang mga simbolo at imahe para sa pundasyon ng iskultura. Magtatag ng isang task force ng kabataan upang maging mga embahador sa hinaharap na pagbubukas muli ng time capsule at pagbubuo ng mga artifact para sa time capsule. Magdaos ng mga pulong sa komunidad upang mangalap ng mga bagay na isasama sa time capsule.
Hunyo 2020	Pagsusuri ng VAC at pag-apruba ng pinal na disenyo ng obra ng sining
Hulyo – Agosto 2020	Bahagi ng paggawa ng dokumento ng konstruksyon. Gawing pinal ang mga elemento ng istruktura, paglalagay ng sismiko, pag-alinsunod sa ADA, disenyo ng pailaw
Agosto 2020	Pagsusuri ng VAC at pag-apruba ng mga sample ng materyales at mock-up
Setyembre 2020	Pagsusuri ng VAC at pag-apruba ng nilagdaan/tinatakan na inhinyeriya sa istruktura (structural engineering) at mga drowing ng shop
Oktubre 2020	Naorder ang salamin, sinisimulan ang paggawa
Nobyembre – Marso 2021	Paggawa, pagkabit ng salamin, paggawa ng balangkas. Maglakbay para sa mga inspeksiyon kung kinakailangan
Abril 2021	Ang iskultura ay inimpake, inilagay sa crate, at ipinadala sa SF. Inimbak hanggang sa pagsisimula ng instalasyon.